タガログ語版／Tagalog

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

●Populasyon sa Prepektura
**2,001,230** (Nabawasan ng 4,703 katao)
Lalaki: 969,788 (Nabawasan ng 2,411 katao)
Babae: 1,031,442 (Nabawasan ng 2,292 katao)
※Abril 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.
※Ang (　) ay inihambing sa nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

**Facebook「清流の国ぎふ」**
**Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県　ミナモだより　hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas)　Huwebes　18:53 ~ 18:57**
**(Replay)　Martes　21:54 ~ 21:58**

Ang「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」ay pinapalabas din sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!

**Hulyo, 2018**

## Highlights para sa Buwang Ito

### Agosto ay "Buwan ng Pagpapahalaga sa mga Bundok ng Gifu"



Mountain Day Festa Gifu workshop
(Active G)



Gifu *Ki- iku* Caravan
(Gifu Seiryu Bunka Plaza)

Alinsunod sa 'Gifu *Ki- iku* WEEK' sa ikalawang linggo ng Agosto, magdiriwang ng pista mula Agosto 5 (Linggo) upang maging pamilyar at malasap ang kagandahan ng likas- yaman at mga bundok ng Gifu.

**●Mountain Day Festa, Gifu 2018**
◆**Petsa :** Agosto 5 (Linggo) ~ 9 (Huwebes)
◆**Oras:** 10:00 ~ 16:00
◆**Paksa :** Workshop gamit ang mga kahoy at likas- yaman ng kagubatan ng Gifu, plaza ng palaruang hakoy, iba't ibang eksibisyon tungkol sa gubat, atbp.
◆**Lugar :** Active G (Gifu-shi)
◆**Bayad :** LIBRE (ngunit may ilang parte na may bayad)

**●Gifu *Ki- iku* Caravan**
◆**Petsa :** Agosto 10 (Biyernes) ~ 11 (Sabado,Piyesta Opisyal)　10:00 ~ 16:00
◆**Paksa :** Maglaro gamit ang mga laruang kahoy (palaruan gamit ang hakoy ng Gifu, world championship ng block- stacking, paggawa ng laruang kahoy, atbp.)
◆**Lugar :** Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi)
◆**Bayad :** LIBRE (ngunit may ilang parte na may bayad)

◆**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Forestry Promotion Division
☎058-272-8821 (sa wikang Hapon lamang)

### Pagbukas ng Seiryu no Kuni Gifu Cultural Festival: Art *Taiken* Program- 'Artlab Gifu'



Daanan sa Gifu- shi Kawara-machi

Sinimulan ang "Artlab", isang experience- type program ng Gifu Prefecture na layuning magbigay ng oportunidad sa mga mamamayan ng prepektura na maranasan at makasali sa paggawa ng sining. Sa buong taon, gagawa sa bawat rehiyon ng mga programa na makakahimok sa inyong interes at inyong mga mata.

Ang programa sa Hulyo ay *"Pro ga Oshieru SNS hae Shashin- jutsu"* o professional lesson sa pagpost ng mga larawan na makakapukaw sa pansin. Ang magtuturo ay si Mr. Nobutsugu Sugiyama, isang propesyonal photographer na taga- Gifu City.

◆**Petsa :** Hulyo 14 (Sabado)
◆**Lugar :** sa paligid ng Gifu-shi Kawara-machi
◆**Bayad :** may bayad
◆**Kapasidad:** higit kumulang 20 katao (bunutan, advanced na aplikasyon)
◆**Paraan ng Aplikasyon:** E-mail o FAX
◆**Para sa Katanungan:** Artlab Gifu Office
☎058-264-1171 (sa wikang Hapon lamang)
FAX: 058-266-6300
✉artlabgifu@prad.co.jp
◆**Hanaping Salita:** アート体験プログラム　アートラボぎふ

# Kahon ng Impormasyon

**Impormasyon** **Tumatanggap ng mga Aplikante sa Exam upang maging Empleyado ng Prepektura (Mga Bokasyonal, Junior College o High School Graduate Level)**

●**Araw ng Pagsusulit:** Pangunahing pagsusulit, Setyembre 23 (Linggo, Pista)

●**Lugar ng Pagsusulit:** Kakamigahara- shi, Tajimi- shi at Takayama- shi

●**Application Form:** Mula Hulyo 6 (Biyernes), ipapamahagi ang mga application form sa Personnel Commission Secretariat, bawat regional office, Tokyo Office, atbp.

Maaari ring humiling ng application form sa pamamagitan ng koreo o i-download ang form mula sa website.

●**Petsa ng Aplikasyon:** Hulyo 23 (Lunes) ~ Agosto 14 (Martes) balidong tatak ng koreo

*Mangyaring suriing mabuti ang mga detalye sa "Gabay sa Pagsusulit".

●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Personnel Commission Secretariat

☎058- 272- 8796 (wikang Hapon lamang)

●**Hanaping salita:** 岐阜県職員採用

**※Bukas sa anumang nasyonalidad ang ilang posisyon sa trabaho. Mangyaring makipag- ugnayan para sa karagdagang mga detalye**

**Impormasyon** **Libreng Admission para sa mga Batang Elementarya at Pababa nitong Hulyo 14 ~ 16**

Bilang espesyal na proyekto sa anibersaryo ng pagbubukas ng World Freshwater Aquarium, Aqua Totto Gifu, magiging libre ang admission para sa mga elementarya at sanggol nitong Hulyo 14 ~ 16.

●**Petsa:** Hulyo 14 (Sabado) ~ 16 (Lunes, Pista) 9:30 ~ 18:00 (huling oras ng admission ay 17:00)

●**Lugar:** World Freshwater Aquarium, Aqua Totto Gifu (Kakamigahara- shi)

●**Bayad:** Libre para sa mga edad elementarya at pababa

(Regular Fee: Elementarya ¥750, Sanggol ¥370)

●**Para sa Katanungan:** World Freshwater Aquarium, Aqua Totto Gifu

☎0586-89-8200 (wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** アクアトト

**Impormasyon** **"*Natsu Yasumi Kodomo Keisatsu* Festival" o Pista ng mga Batang Pulis nitong Tag- init**

Sa prefectural police, magdaraos ng "*Natsu Yasumi Kodomo Keisatsu* Festival" nitong bakasyon kung saan ang mga bata ay maaaring subukan ang trabaho at makita ang ginagawa ng mga totoong pulis.

●**Petsa:** Hulyo 21 (Sabado) 13:00 ~ 16:00

●**Lugar:** Prefectural Police Headquarters (Gifu- shi)

●**Paksa:** Mararanasang kumuha ng fingerprints, may makikitang eksibisyon ng patrol car, police music concert, police dog training tour, at masusubukan magsuot ng uniporme ng pulis na pangbata, atbp.

●**Para sa Katanungan:** Prefectural Police Headquarters Public Information for Prefectural Residents Division

☎058- 271- 2424, ext. no. 2172 o 2174 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** こどもけいさつ岐阜

**Pangangalap** **Palapit na Deadline ng "Incentive System para sa mga Kumpanyang may Empleyadong tumutulong bilang Bumbero"**

Nagtatag ng "Incentive System" sa prepektura bilang tugon sa pagsiguro ng bumbero sa mga nahihirapang rehiyon na may mababang populasyon.

Kung ang empleyadong tumutulong bilang bumbero ay natupad ang mga kinakailangang sertipikasyon, kikilalanin ito ng prepektura at mabibigyan ng insentibo ang kumpanya. Huwag palagpasin ang oportunidad na ito.

※Para sa mga detalye ng certification requirements, sumangguni sa website.

●**Target:** Korporasyon o indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangang sertipikasyon

●**Paksa:** Kapag ang mga bumbero sa mga rehiyon na may mababang populasyon ay nagkaroon ng net increase kumpara sa Abril 1 ng fiscal year ng pag- apply at sa Abril 1 ng nakaraaang taon, magbibigay ng ¥100,000 para sa bawat tao na net increase.

●**Deadline ng Aplikasyon:** hanggang Hulyo 31 (Martes)
●**Para sa Katanungan:** Prefectural Fire Services Division
☎058-272-1122 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 消防団　報奨金

**Konsultasyon Konsultasyon sa Telepono ng Intractable Disease o Hindi Pangkaraniwang Sakit**

Isasakatuparan ang telephone consultation sa espesyalistang doktor.

●**Petsa:** Agosto 31 (Biyernes)
●**Paksa ng Konsultasyon:** mga kaugnay sa sakit ng endocrine katulad ng Hypothalamic Dysfunction, Graves' disease, Hashimoto disease, atbp.
●**Paraan ng Konsultasyon:** Telepono
●**Bayad:** Libre
●**Paraan ng Reserbasyon:** tumawag muna para sa aplikasyon
●**Oras ng Aplikasyon:** Lunes ~ Biyernes, 10:00 ~ 17:00
●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Nanbyou Ikigai Support Center
☎ 058-214-8733 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
**Hanaping Salita:** 岐阜県難病相談

**Impormasyon Pagbukas ng "*Gifu to Satsuma no Kizuna*" Eksibisyon**

Para sa Ika-150 Taong Anibersaryo ng Meiji exhibit sa Gifu Prefecture Library, nakipagtulungan sa prepektura ng Kagoshima upang itanghal ang "*Gifu to Satsuma no Kizuna*" (relasyon ng Gifu at Satsuma) na eksibisyon. Ipapakita dito, gamit ng mga panel at iba pang paraan, si Takamori Saigo (ang pangunahing pokus ng eksibit) na siyang nag akay sa Meiji Restoration; ang kwento ni Yoshihiro Shimazu, isang general noong labanan sa Sekigahara; ang pambihirang trabaho ng mga Satsuma clan sa pagayos ng Horeki River; at ang kasaysayan at ugnayan ng prepektura ng Gifu at Kagoshima.

●**Petsa:** Hulyo 8 (Linggo) ~ Setyembre 30 (Linggo)
●**Lugar:** Gifu Prefectural Library (Gifu- shi)
●**Bayad:** Libre
●**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Library
☎058-275-5111 (wikang Hapon lamang)
●**Hanaping Salita:** 岐阜県図書館

**Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Mayo 28, 2018.**
**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**
☎058-272-1111（Dir. Lin.）（wikang Hapon lamang） FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp/